PAGSISIMULA NG NEGOSYO

SA LONG BEACH



ANG PINAKA-NAAANGKOP SA NEGOSYO NA LUNGSOD SA COUNTY NG LOS ANGELES

LONGBEACH ECONOMIC DEVELOPMENT & OPPORTUNITY

SIMULAN ANG IYONG PAGLALAKBAY SA PAGNENEGOSYO SA IN LONG BEACH

Ang Long Beach ang lugar kung saan umuunlad ang mga negosyo. Sa pamamagitan ng isang sumusuportang pangkat ng Lungsod, iba't ibang industriya, at mahahalagang mapagkukunan, pinapadali namin ang pagsisimula, paglago, at tagumpay. Nandito ang Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Oportunidad upang tumulong, maging sa pag-aasikaso ng mga permit, pagkuha ng pondo, o pagkonekta sa iyo sa mga oportunidad.

Ang listahang ito ang iyong gabay para matagumpay na ma-umpisahan ang iyong negosyo sa Long Beach. Sa pamamagitan ng pagsunod sa bawat hakbang at paggamit ng mga mapagkukunang ibinigay, makakabuo ka ng matibay na pundasyon para ilunsad at palaguin ang iyong negosyo nang may kumpiyansa.

Maligayang pagdating sa Long Beach — kung saan may kinabukasan ang iyong negosyo! Nandito kami upang suportahan ka sa bawat hakbang ng iyong paglalakbay!

I-scan para sa karagdagang impormasyon at upang makita ang materyal na ito sa ibang mga wika.

PAGSISIMULA

HAKBANG 1: PLANUHIN ANG IYONG NEGOSYO

□ Tukuyin ang iyong ideya at mga layunin sa negosyo.
□ Lumikha ng plano sa negosyo gamit ang mga template:
- Pamamahala ng Maliit na Negosyo: sba.gov
- SCORE: score.org

□ Piliin ang istruktura ng iyong negosyo (sole proprietorship, LLC, corporation, atbp.).
□ Tantyahin ang iyong mga gastos sa pagsisimula at badyet sa pagpapatakbo.
□ Pumili ng mga tagapayo (konsultant, abogado, accountant, atbp.).

HAKBANG 2: PONDOHAN ANG IYONG NEGOSYO

□ Kalkulahin kung magkano ang kapital na kailangan mo para magsimula at panatilihin ang iyong negosyo.
□ Bumuo ng mga pinansyal na pagtataya para sa hindi bababa sa tatlong taon.
□ Suriin ang iyong credit score.
□ Saliksikin ang mga pinagkukunan ng pondo:
- Microenterprise Loan Program.
- Grow Long Beach Fund.

□ Magbukas ng bank account para sa negosyo.

HAKBANG 3: PUMILI NG LOKASYON

□ Tukuyin ang uri ng ari-arian para sa iyong negosyo (nakabase sa bahay, mobile, o komersyal).
□ Saliksikin ang mga regulasyon sa zoning:
- Tingnan ang Long Beach Zoning Map: longbeach.gov/zoningmap
- Beripikahin ang pagsunod sa zoning bago pumirma ng kasunduan sa pag-upa.

□ Suriin ang mga lokasyon para sa accessibility, dami ng taong dumaraan at imprastruktura.
- Business Insights Tool: longbeach.sizeup.com

□ Beripikahin ang pagsunod sa ADA.
□ Makipag-ugnayan sa Kagawaran sa Pagpapaunlad ng Komunidad ng Long Beach upang kumpirmahin ang impormasyon sa zoning.
□ Makipag-ayos sa mga tuntunin ng pag-upa para sa mga komersyal na espasyo.

Tepechi Restaurant

Uptown Commons

REHISTRASYON, LISENSYA AT MGA PERMIT

HAKBANG 4: IREHISTRO ANG IYONG NEGOSYO

□ Irehistro ang pangalan ng iyong negosyo.
Mag-aplay para sa Employer Identification Number:
- irs.gov

□ Irehistro ang estruktura ng iyong negosyo sa California Secretary of State:
- sos.ca.gov/business-programs

HAKBANG 5: KUMUHA NG MGA LISENSYA AT PERMIT

□ Mag-aplay para sa California Seller's Permit:
- California Department of Tax and Fee Administration
- cdtfa.ca.gov

□ Kumuha ng lisensya sa negosyo mula sa Lungsod ng Long Beach.
- 562.570.6211and LBBiz@longbeach.gov

□ Suriin ang mga partikular na permit (hal., pangkalusugan, mapanganib na materyales at pagbebenta ng alak)
- longbeach.gov/permitcenter

□ Makipag-ugnayan sa mga departamento ng Lungsod ng Long Beach para sa gabay.

□ I-iskedyul ang mga inspeksyon na kinakailangan ng mga regulasyon.

HAKBANG 6: BUUIN ANG IYONG PANGKAT

□ Bumuo ng plano sa pagkuha ng empleyado at gumawa ng mga burador ng paglalarawan ng trabaho.

□ Papunan sa mga empleyado ang mga tax form:
- Form I-9: uscis.gov/i-9
- Form W-4: irs.gov/w4

□ Kumuha ng Seguro sa Kompensasyon ng mga Manggagawa:
- Kagawaran ng Ugnayang Pang-industriya ng California: dir.ca.gov

□ Galugarin ang mga oportunidad sa programa ng pagsasanay kasama ang Long Beach Workforce Innovation Network:
- longbeach.gov/workforce

PAGMEMERKADO, PAGLULUNSAD AT PAGLAGO

HAKBANG 7: I-MARKET ANG IYONG NEGOSYO

□ Gumawa ng plano sa pagmemerkado na may mga layunin at pagmemensahe.
- Mga Distrito ng Pagpapabuti ng Negosyo: longbeach.gov/bids
- Bisitahin ang Long Beach: visitlongbeach.com

□ Magtatag ng presensya sa online.
- Website tools: Squarespace, Wix at WordPress.
- Mga social media account: Facebook, X, Instagram at LinkedIn.

□ Ilista ang iyong negosyo sa mga platform tulad ng Yelp at Trip Advisor.
□ Magdisenyo ng mga materyales na pang-promosyon kasama ang mga lokal na printer.
□ Dumalo sa mga lokal na networking event.
- Long Beach Area Chamber of Commerce: 562.436.1251 and lbchamber.com

HAKBANG 8: MAGHANDA PARA SA PAGLULUNSAD

□ Tapusin ang mga permit, lisensya at inspeksyon.
□ Bumili o umupa ng kagamitan at magtustos ng imbentaryo ng paninda.
□ Subukan ang mga produkto o serbisyo sa pamamagitan ng isang soft launch.
□ I-anunsyo ang iyong pagbubukas at magdaos ng seremonya ng ribbon-cutting kasama ang Lungsod.

HAKBANG 9: MANATILING SUMUNOD SA BATAS

□ Magbayad ng buwis sa negosyo.
□ I-renew ang iyong lisensya sa negosyo taun-taon.
□ Panatilihin ang tumpak na talaan ng pananalapi gamit ang mga kasangkapan.

HAKBANG 10: GPALAGUIN ANG IYONG NEGOSYO

□ Subaybayan ang pananalapi at paghusayin ang iyong estratehiya.
□ Galugarin ang pagpopondo para sa pagpapalawak.
□ Bumuo ng pakikipagsosyo sa mga lokal na organisasyon at manatiling aktibo sa mga mapagkukunan para sa negosyo.
□ Galugarin ang mga oportunidad sa kontrata sa Lungsod at County.
- Long Beach Buys: longbeachbuys.com
- Los Angeles County: lacounty.gov/business

Foodologie

NARITO KAMI UPANG TULUNGAN ANG IYONG NEGOSYO NA UMUNLAD AT LUMAGO!

Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Oportunidad ng Long Beach
BizCare
562.570.4BIZ (4249)
BizCare@longbeach.gov

Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Oportunidad ng Long Beach
Long Beach Workforce Innovation Network
562.570.3700

Departamento ng Pagpapaunlad ng Komunidad
Sentro ng Permit ng Long Beach
562.570.5223

Departamento ng Pamamahala sa Pananalapi
Dibisyon ng Lisensya sa Negosyo ng Long Beach
562.570.6211

Departamento ng Bumbero ng Long Beach
562.570.2500

Departamento ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Long Beach
562.570.4000

Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Oportunidad ng Long Beach
411 W. Ocean Blvd., 10th Floor
Long Beach, CA 90802

Bumisita sa amin sa longbeach.gov/edo

@LBEconDev

Upang hilingin ang impormasyong ito sa alternatibong format o humiling ng makatuwirang akomodasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Oportunidad sa EDOMedia@longbeach.gov. Kinakailangan ang hindi bababa sa tatlong (3) araw na pang-opisina upang matiyak ang pagkakaroon. Gagawin ang makatuwirang pagsisikap upang tugunan ang mga kahilingang isinumite nang hindi hihigit sa tatlong (3) araw na pang-opisina.